

# Kaligtasan sa enerhiya habang may mga pagbaha

Energy Safe Victoria

Fact sheet Pahina ng katotohanan

Filipino

Ang Energy Safe Victoria ay nagbibigay ng mga sumusunod na impormasyong pangkaligtasan sa gas at kuryente para mga taong apektado ng mga pagbaha:

## Bago lumisan

Tiyakin na ang lahat na mga kasangkapan sa pagpapainit at pagluluto na pinapaandar ng kuryente at gas ay nakasara, dahil may panganib ng pagkasunog kung maibalik ang kuryente at gas at walang tao sa bahay.

### Kuryente

- Isara ang lahat na mga pindutan (switch) at ang punong switchboard ng kuryente, kasama ang Main Switch.
- Hugutin ang plug ng lahat ng iyong kasangkapan at kung kaya mo, lagyan ng patungan sila upang mananatili silang nakaangat at malayo sa tubig-baha na maaaring manlubog sa iyong lugar.

### Solar

- Patayin ang iyong solar system mula sa inverter at saka isara sa switchboard, (lahat ng mga pindutan (switch) sa switchboard ay dapat nasa OFF na posisyon). Ang iyong solar system ay may tagubilin tungkol sa mga pamaraan ng pag-shut down nito.

### Mga baterya

- Patayin ang mga baterya ng solar. Sundin ang tagubilin sa pamaraan ng pag-shutdown sa sistema ng baterya.
- Huwag kalasin ang baterya ng solar o buksan ang anumang panel nito.

### Gas

- Dapat patayin ang suplay ng iyong gas sa may metro ng gas at sa pagsara sa gas supply service valve (balbula) sa posisyong "OFF" sa pamamagitan ng pagpuspos sa hawakan upang ito ay maging pahalang (horizontal).

### Mga tangke ng LPG

- Bago ang paglisan, tiyakin na lahat ng mga tangke ng LPG ay nakasara (pakanan ang puspos upang maisara ang cylinder valve (balbula)) na nasa itaas ng tangke (cylinder). Huwag sarhan ang anumang mga kasangkapan maliban kung ang tangke ng LPG ay ilalayo sa panganib.
- Pabayaang mga tangke sa kanilang puwesto. Huwag papalitan ng puwesto ang anumang tangke ng LPG sa loob ng mga gusali, silungan, silong o sasakyan. Ang nasirang tangke ng LPG ay maaaring may tulo na magiging sanhi ng panganib.
- Ang tangke ng LPG ay magiging magaan at lulutang ng papalayo sa tubig-baha, na magiging isang panganib sa pababang agos. Mahalaga na ang lahat na tangke ng LPG ay igapos sa isang nakapirmeng

bagay sa pamamagitan ng mga kable o matibay na lubid. Panatilihing malaya ang mga kable at lubid sa 'pigtail connection' ng LPG, na isang kubre o nababaluktot na tubo.

- Para sa mga tangke ng LPG na nakaimbak sa mga hawla, sapat nang matiyak na ang mga pintuan ng hawla ay ligtas na nakakandado. Patibayin ang pagkapuwesto ng hawla sa pamamagitan ng pagtali ito sa isang nakapirmeng bagay. Ang mga tangke ng LPG na nasa mga hawla ay matatag kahit malakas ang hangin.

## Habang may emerhensya

- Huwag mananatili sa isang bahay o gusali na lubog sa tubig-baha habang ang kuryente ay nakakonekta.
- Huwag gamitin ang de-kuryenteng kasangkapan, lababo o paliguan kung nakakaramdam ka ng pagkagulat o pangingilig mula sa anumang bakal o tuberyas (plumbing). Iwasan ang mga kasangkapan o bagay at kontakin ang iyong tagapagbigay na kumpanya upang iulat ang problema sa pinakamadaling panahon.
- Huwag iwanan ang iyong sasakyan kung may linya ng kuryente na nakakalaylay dito, maliban kung ikaw ay nasa agarang panganib. Manatili sa loob at tumawag sa 000 upang humingi ng tulong.
- Kung nagbibiyaha sa mga tubig-baha na nakasakay sa bangka, huwag itaas o hawakan ang anumang linya ng kuryente. Huwag ding subukin na dadaan sa ibaba ng linya ng kuryente dahil ang tumataas na tubig ay magtutulak nitong palapit sa iyo.
- Manatiling malayo sa mga poste ng kuryente, substation, nahulog na linya ng kuryente at anumang mga bagay na nakasagi sa kanila. Kung ang mga poste at kable ng kuryente ay nabasa ng mga tubig-baha, layuan sila ng hindi kukulang ng 150 metro at tawagan ang tagapagbigay ng iyong kuryente upang iulat ito.

## Sa pagbabalik sa iyong ari-arian

### Kuryente

- Bubuksan lamang ang kuryente sa punong switchboard ng kuryente kung **hindi** nakapasok ang tubig sa iyong ari-arian.
- Kung ang tubig ay nakapasok sa iyong ari-arian, **huwag** bubuksan ang kuryente hanggang hindi pa nasuri ang mga kable ng kuryente ang iyong ari-arian ng isang lisensyadong electrician.
- Kung may kasangkapan na nalubog sa baha, huwag isaksak o pindutin ng pabukas ito hanggang hindi pa nasuri ng isang lisensyadong electrician.
- Kung walang tubig na pumasok sa iyong ari-arian, maaari mong pabukas na pindutin ang mga nasa switchboard.
  - Kung may pindutan (switch) na hindi gagana, o basta namamatay, nagpapahiwatig nito na may problema ang kable kaya dapat kang tumawag ng isang kwalipikadong electrician na tumingin sa iyong mga kable at kasangkapan.
  - Isaksak ang iyong mga kasangkapan at tingnan na sila ay gumagana.
- Kung may mga patuloy na problema tungkol sa suplay ng kuryente katulad ng pagsabog ng mga piyus o circuit breaker at pagkakamatay ng mga safety switch, kontakin ang isang lisensyadong electrician.
- Kung gumagamit ka ng mga generator, huwag subukang ikonekta ito sa mga kable ng kuryente sa bahay. Ang generator ay dapat gagamitin lamang sa labas, na gamit ng isang karugtong na kable upang makapagsuplay ng kuryente na direkta sa mga kasangkapan katulad ng repriherator o freezer. Ang paggamit ng isang generator sa loob ng bahay ay maaaring magkakaroon ng mga panganib sa kaligtasan kabilang ang pagkakalason mula sa carbon monoxide o pagkakasunog.
- Kung may mga nalaglag na linya ng kuryente, huwag lalapitan ng 8 hanggang 10 metro. Ikaw ay nasa panganib na makuryente kung lalapitan mo ang mga nalaglag na mga linya ng kuryente. Palaging tratuhin bilang buhay ang mga nalaglag na linya ng kuryente pati na kung sila ay naputol o nasira.

### Kontakin ang isang Electrician

- Upang makahanap ng isang electrician sa iyong lugar, tawagan ang:

- National Electrical Contractors Association (NECA) sa 1300 300 031
- Master Electricians 1300 889 198

## Kontakin ang isang gasfitter

- Pumunta sa website ng Master Plumbers at ilagay ang iyong postcode upang makahanap ng isang lokal na gasfitter <https://plumber.com.au/>

## Solar

- Kung ang iyong bahay ay naapektuhan ng tubig-baha, huwag buksan ang solar sa punong pindutan o sa inverter. Ang sistemang solar at baterya ay kailangang suriin ng isang lisensyadong electrician bago ma-re-energised.
- Dapat mong tratuhin ang sistema ng solar bilang buhay hanggang hindi pa nasuri ng isang lisensyadong electrician.
- Kung ang iyong mga solar panel ay nakikitang nasira, huwag kumapit sa mga kagamitan o kable, kahit na ang kuryente sa bahay ay pinatay. Ang sistema ay maaaring may enerhiya pa. Tumawag ng isang lisensyadong electrician upang masuri at gagawin itong ligtas.

## Mga baterya

- Kung ang iyong ari-arian ay naapektuhan ng baha, huwag pinduting pabukas ang iyong baterya. Tawagan ang isang lisensyadong electrician upang suriin ang iyong sistema ng baterya.
- Dapat mong ipalagay na ang isang sistema ng baterya ay buhay habang ito ay hindi pa nasuri.

## Gas

- Kung ang iyong bahay ay naapektuhan ng tubig-baha, huwag subukang buksan ang suplay ng gas. Ang tubo ng gas ay maaaring may tubig kaya kailangang masuri ng isang lisensyadong gasfitter, na siyang magimpuni nito sa pamamagitan ng pag-alis ng laman ng 'fitting line'. Tutulong din sila sa pag-iilaw muli ng mga 'pilot light'.
- Ang mga detalye ng pagkontak sa iyong tagapagbigay ng gas ay makikita sa kanang itaas ng iyong bayarin (bills) sa gas.
- Mangyaring **huwag** gumamit ng mga panglabas na kasangkapan para pampainit sa loob ng bahay kung ang iyong kuryente at gas ay hindi gumagana. Ito ay hindi ligtas at maaaring magpapalala sa panganib ng pagkakalason sa carbon monoxide at iba pang mga kapahamakan sa kalusugan. Lahat ng mga de-gas na kasangkapan ay nangangailangan ng malinis na hangin upang umandar at bentilasyon upang makatakas ang mga produkto nitong nakakasunog.

## Tangke ng LPG

- Suriin ang lahat ng mga tangke ng LPG upang matiyak na ang mga ito ay ligtas. **Huwag** subukin na iangat ang mga tangke o cylinder ng LPG mula sa tubig-baha.
- Lulat ang anumang amoy ng LPG kaagad sa mga serbisyong pang-emerhensya. Kung may naaamoy kang gas:
  - Panatiliing walang mga tao, hayop at mga mapagkukunan ng apoy (mga apoy, tilamsik, pampausok, mga de-kuryenteng kasangkapan) hanggang ang tagas (leak) ay mapatunayan, mahinto at maging ligtas ang lugar.
- Pabayaang nakasara ang lahat ng mga balbula ng mga tangke, hanggang ang pagkakabit ng gas ay hindi pa nasuri ng isang gasfitter. Ang regulator o pipework ng LPG ay maaaring nasira at magiging delikado kung ang balbula ng mga tangke ay nabuksan.
- Kung ang tangke ng LPG ay nahulog at maaaring mapulot nang ligtas, itayo ang tangke at tingnan ang tangke at ang balbula kung may sira bago gamitin. **Huwag gumamit** ng may sirang tangke.